

## **Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-29 ng Abril 2020**

### **UPDATE MULA SA KEMH**

Ang mga bagong resulta ng mga pagsusuri para sa COVID-19 ay natanggap na ng KEMH at ang lahat ng ito ay lumabas na negatibo.

Tandaan: Kung hindi maganda ang iyong pakiramdam na may sintomas tulad ng sa trankaso at ikaw ay nag-aalala na maaaring ikaw ay may COVID-19, tawagan ang ospital sa numerong 28000. Magbibigay ng abiso ang staff. HUWAG pumunta sa KEMH.

### **PAGBABA NG PRESYO NG KURYENTE**

Ang pagbabawas ng mga presyo ng kuryente ay magkakabisa simula ngayong Biyernes, ika-1 ng Mayo 2020.

Ang kabuuang presyo ng kuryente sa bawat unit para sa lahat ng mga kumokonsumo ay babawasan mula 23p hanggang 18p sa loob ng panahon na tatlong (3) buwan.

### **ABISO SA MAS MALAWAK NA MGA PAGHIHIGPIT**

Isang buong pahayag sa katayuan ng kasalukuyang mga paghihigpit ay gagawin sa Biyernes ng ating Chief Executive na si Barry Rowland.